Pangalan:________________________________________ Linggo: _______________

Baitang&Pangkat:____________________________ Petsa: ________________

# SANAYANG PAPEL # 6 PAKSA: Tugon ng Pamahalaang Pilipinas sa mga Isyu ng Karahasan at Diskriminasyon (MAGNA CARTA FOR WOMEN)

## GABAY

**PinakamahalagangKasanayangPampagkatuto (MELC):**Napahahalagahan ang tugon ng pamahalaan at mamamayan ng Pilipinas sa mga isyu ng karahasan at diskriminasyon.

Pagkatapos sagutan ang sanayang papel na ito, ang mga mag-aaral ay inaasahang:

1. natatalakay ang Magna Carta for Women;
2. naiisa-isaang mga layunin at saklaw ng Magna Carta for Women; at
3. napahahalagahan ang gampanin ng Magna Carta for Women para sa kalagayan ng mgakababaihan.

## ENGGANYO

**Ano ang Magna Carta for Women?**

Ang Magna Carta for Women ay isinabatas noong Hulyo 8, 2008 upang alisin ang lahat ng uri ng diskriminasiyon laban sa kababaihan at sa halip ay itaguyod ang pagkakapantay-pantay ng mga babae at lalaki sa lahat ng bagay, alinsunod sa mga batas ng Pilipinas at mga pandaigdigang instrumento, lalo na ang Convention on the Elimination of All Forms of Discrimination Against Women o CEDAW.

Layunin nito naitaguyod ang husay at galing ng bawat babae at ang potensiyal nila bilang alagad ng pagbabago at pag-unlad, sa pamamagitan ng pagkilala at pagtanggap sa katotohanan na ang mga karapatan ng kababaihan ay karapatang pantao.

**RESPONSIBILIDAD NG PAMAHALAAN**

Itinalaga ng Magna Carta for Women ang Pamahalaan bilang pangunahing tagapagpatupad (“primary duty bearer”) ng komprehensibong batas na ito.Ginawa natuwirang responsibilidad ng pamahalaan na proteksyunan ang kababaihan sa lahat ng uri ng diskriminasiyon at ipagtanggol ang kanilang mga karapatan.

Katuwang ang mga ahensya at yunit nito, maglalatag ang pamahalaan ng mga nararapat at mabisang paraan upang maisakatuparan ang mga layunin ng batas. Kabilang sa mga paraan na ito ang paglikha at pagpapatupad ng mga batas, patakaran at programa na nagsasaalang-alang sa mga pangangailangan ng mga babae, tungo sa kanilang kahusayan at kabutihan. Gagawa rin ng mga hakbang ang pamahalaan upang marepaso o maalis ang mga batas, patakaran, programa, at polisiya na nagpapalala sa diskriminasiyong bansa kababaihan.tradisyon, paniniwala, salita at gawin na nagpapahiwatis na ang hindi pantay ng mga babae at lalaki.

Ang isa pang hamon ng batas sa pamahalaan ay ang basagin ang mga stereotype at tanggalin ang mga istrukturang panlipunan

**SINO ANG SAKLAW NG MAGNA CARTA?**

Lahat ng babaeng Pilipino, anuman ang edad, pinag-aralan, trabaho o hanapbuhay, propesyon, relihiyon, uri o pinagmulan ethnicity ay saklaw ng Magna Carta. Binibigyan ng batas na ito nang nabubukod na pansin ang kalagayan ng mga batang babae, matatanda, may kapansanan, mga babae sa iba't ibang larangan, Marginalized Women, at Women in Especially Difficult Circumstances.

*Ang tinatawag na **Marginalized Women** ay ang mga babaeng mahirap o nasa di panatag na kalagayan. Sila ang mga wala o may limitadong kakayahan namatamo ang mga batayang pangangailangan at serbisyo. Kabilang dito ang mga kababaihang manggagawa, maralitang tagalungsod, magsasaka at manggagawang bukid, mangingisda, migrante, at kababaihang Moro at katutubo.

*Ang tinatawag namang **Women in Especially Difficult Circumstances** ay ang mga babaeng nasa mapanganib na kalagayan o masikip na katayuan tulad ng biktima ng pang-aabuso at karahasan at armadong sigalot, mga biktima ng prostitusyon, "illegal recruitment", "human trafficking" at mga babaeng nakakulong.

## TALAB

Suriin at bigyan mo ng iyong sariling kahulugan ang poster.




https://www.facebook.com/PCWgovph/photos/a.1992399224117760/199240001411768

Panuto: Basahin at sagutin ang mga katanungan. Isulat ang letra ng tamang sagot sa patlang bago ang bilang. Gawin ito sa iyong kwaderno.

______ 1. Para kanino ang saklaw ng Magna Carta?

A. Lahat ng babaeng Pilipino, anumanan gedad, pinag-aralan, trabaho o hanapbuhay, propesyon, relihiyon, uri o pinagmulan ethnicity.
B. Mga kababaihan na nakakaranas ng karahasan at diskriminasyon.
C. Mga kababaihan, LGBTQ at kalalakihan na nakakaranas ng karahasan at diskriminasyon
D. Lahat ng nabanggit.

_____ 2. Saklaw ng Magna Carta for Women anglahat ng babaeng Pilipino. Binibigyang pansin ng batas na ito ang kalagayan ng mga batang babae, matatanda, mga may kapansanan, mga babae sa iba't ibang larangan. 'Marginalized Women", at '*Women in Especially Difficult Circumstances'*. Alin sa mga sumusunod ang **HINDI** kabilang sa women in especially difficult circumstances?

A. Maralitang tagalunsod
B. Kababaihang Moro at katutubo
C. Magsasaka at manggagawa sabukid
D. Mga biktima ng karahasan at armadong sigalot
E.

_____ 3. Mga babaeng mahirap o nasa di-panatag na kalagayan. Sila ang mga wala o may limitadong kakayahan na matamo ang mga batayang pangangailangan at serbisyo**.**

A. Women in Especially Difficult Circumstances
B. Marginalized Women
C. GABRIELA
D. Magna Carta for Women

_____ 4. Babaeng nasa mapanganib na kalagayan o masikip na katayuan tulad ng mga biktima ng pang-aabuso at karahasan at armadong sigalot, mga biktima ng prostitusyon, "illegal recruitment", "human trafficking" at mga babaeng nakakakulong.

A. Women in Especially Difficult Circumstances
B. Marginalized Women
C. GABRIELA
D. Magna Carta for Women

_____ 5. Isang samahan sa Pilipinas na laban sa iba't ibang porma ng karahasang nararanasan ng kababaihan na tinaguriang bilang Seven Deadly Sins Against Women.

A. ANAKBAYAN
B. WOMEN'S DESK
C. GABRIELA
D. LADLAD

## RUBDOB

Panuto: Tukuyin ang mga resposibilidad ng pamahalaan sa paglaban sa karahasan at diskriminasyon.Ibigay ang iyong pananaw at suhesyong tugon patungkol dito. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

| Responsibilidad ng Pamahalaan | Pananaw | Tugon |
|---|---|---|
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |

## IRAL

Ikaw ay isa sa mga naimbitahan ng ating pamahalaan upang magsalita at magbalangkas ng mga programa para sa mga biktima ng karahasan at diskriminasyon. Gumawa ng talumpati na nagpapakita ng mga hakbang at polisiya na iyon ggagawin upang mapangalagaan at protektahanang mga biktima. Gawin ito sa iyong kuwaderno na nakapaloob ang talumpati sa loob ng isang kahon.

*References:*

https://www.facebook.com/PCWgovph/photos/a.1992399224117760/199240001411768
Magna Carta Primer
http://www.wegoverninstitute.org/wp-content/uploads/2012/07/Magna-Carta-Primer.pdf
*AralingPanlipunanModyul para samga Mag-aaral 10 (pahina 320-322).*

**TEACHER'S FEEDBACK**

______________________________________________________________________

**SELF-MONITORING**

Pangalan: ____________________________________ Linggo: ______________

Baitang&Pangkat: ______________________________ Asignatura: ____________

| **Para sa Mag-aaral(*Tapusinangmgapangungusap.)*** | |
|---|---|
| Nahirapana kong unawain at gawin / sagutan ang bahaging… | |
| Nadaliaana kong unawain at gawin / sgutanang bahaging … | |
| Kailangan ko pa ng tulong upang lalong maunawaanang …. | |

| **Para samagulanG(*Lagyan ng tsekanginyoongsagot.)*** | | | |
|---|---|---|---|
| Nagawa ng aking anak ang mga pagsasanay … | | Ang aking anak ay … | |
| | Nang siyal amang mag-isa, walang tumulong | | Nasagutan ang lahat ng mgapagsasanay |
| | na may kaunting tulong sa pagsasabot mula sa iba | | Nasagutan ang ibang pagsasanay at ang iba ay hindi |
| | Na maraming hinininging tulong sa pagsasagot mula sa iba | | Hindi nasagutan ang lahat ng pagsasanay dahil masyadong mahirap |